

Kabanata 22

Paano Magpaakay sa Espiritu (How to be Led by the Spirit)

Ang ebanghelyo ni Juan ay nagtatala ng ilang pangako ni Jesus tungkol sa papel ng Espiritu Santo sa buhay ng mga mananampalataya. Basahin natin ang ilan dito:

Dadalangin ako sa Ama, upang bigyan kayo ng isa pang Tagapagtanggol na magiging kasama ninyo magpakailanman. Siya ang Espiritu ng katotohanan, na hindi matanggap ng sanlibutan sapagka't siya ay hindi nakikita ni nakikilala ng sanlibutan. Nguni't nakikilala ninyo siya, sapagka't siya'y nasa inyo at siya'y mananatili sa inyo (Jn. 14:16-17).

Nguni't ang Tagapagtanggol, ang Espiritu Santo na isusugo ng Ama sa pangalan ko, ang siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalala ng lahat ng sinabi ko sa iyo (Jn. 14:26).

Subali't dapat ninyong malaman ang katotohanan. Ang pag-alis ko'y sa ikabubuti ninyo, sapagka't hindi paparito sa inyo ang Tagapagtanggol kung hindi ako aalis. Nguni't kung wala na ako, isusugo ko siya sa inyo....Marami pa akong sasabihin sa inyo subali't hindi pa ninyo kayang unawain ngayon. Nguni't pagdating ng Espiritu ng katotohanan, papatnubayan Niya kayo sa lahat ng katotohanang galing sa Diyos. Sapagka't ang sasabihin Niya ay hindi mula sa kanyang sarili, kundi ang Kanyang narinig; at ipahahayag Niya sa inyo ang mga mangyayari sa hinaharap. Pararangalan Niya ako sapagka't tatanggapin ng Espiritu mula sa akin ang ipahahayag Niya sa inyo. Ang lahat ng sa Ama ay sa Akin, kaya Ko sinabing tatanggapin ng Espiritu ang mula sa Akin at ipahahayag Niya ito sa inyo (Jn. 16:7, 12-15).

Ipinangako ni Jesus sa kanyang mga alagad na mananahan sa kanila ang Espiritu Santo. Tutulungan din Niya sila, tuturuan, at babantayan at ipakikita ang mga mangyayari sa hinaharap. Bilang mga alagad ni Cristo ngayon, wala tayong dahilan upang ipagpalagay na hindi iyon gagawin ng Espiritu para sa atin.

Kamangha-manghang sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad na naaayon sa kanila kaya Siya aalis, kung hindi, hindi darating ang Espiritu Santo! Ipinakita niyan sa kanila na ang kanilang samahan sa Espiritu Santo ay magiging malapit din na tulad ng parang nariyan si Jesus na kasama nila sa lahat ng panahon. Kung hindi, hindi naaayon sa kanila na makakasama nila ang Banal na Espiritu sa halip na si Jesus. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo, lagi nating kasama si Jesus at nananahan Siya sa atin.

Sa anong mga paraan natin aasahahang akayin tayo ng Espiritu?

Ang Kanyang mismong pangalan, *Banal* na Espiritu, ay nagpapakita na ang Kanyang pangunahing papel sa pag-akay sa atin ay upang maging banal at masunurin sa Diyos. Kaya lahat ng patungkol sa kabanalan at ang pagganap sa kalooban ng Diyos sa lupa ay nasa lupain ng pagkalinga ng Espiritu Santo. Aakayin tayo upang sumunod lahat ng pangkalahatang utos pati na ang mga ispesipikong utos ni Cristo patungkol sa pambihirang ministryo kung saan tayo tinawag ng Diyos. Kaya kung gusto mong paakay sa Espiritu tungkol sa iyong ispesipikong ministryo, kailangan mo ring paakay sa Espiritu sa pangkalahatang kabanalan. Hindi mo maaangkin ang isa na wala ang isa pa. Napakaraming mga ministro ang naghahangad na paakay sa mga maningning na gawain at himala ng dakilang ministryo, nguni't ayaw maabala sa "higit na maliliit" na aspekto ng pangkalahatang kabanalan. Malaking kamalian iyan. Paano inakay ni Jesus ang kanyang mga alagad? Unang-una sa pagbibigay sa kanila ng pangkalahatang instruksiyon sa kabanalan. Ang mga ispesipikong pag-aakay Niya para sa kanilang ministeryal na tungkulin ay bihira kung tutuusin. Gayundin sa Espiritu Santong nananahan sa atin. Kaya kung gusto mong paakay sa Espiritu Santo, kailangan mo munang sundin ang Kanyang pag-aakay upang maging banal.

Ininulat ng apostol Pablo, " Ang lahat ng pinapatnubayan ng espiritu ng Diyos ay mga anak ng Diyos" (Ro. 8:14). Ang pagpapaakay natin sa Espiritu ang nagiging tanda na kabilang tayo sa mga anak ng Diyos. Kung gayon lahat ng anak ng Diyos ay inakay ng Espiritu. Siyempre, nasa sa atin bilang malayang ahente ng asal, kung susundin natin ang pag-akay ng Espiritu.

Dahil sa lahat nang ito, walang Cristiano ang talagang kailangang maturuan kung paano akayin ng Espiritu Santo, dahil inakay na ng Espiritu Santo ang bawa't Cristiano. Sa kabilang dako, sinusubukan ni Satanas na ilihis ang mga anak ng Diyos, at taglay pa rin

natin ang lumang kalikasan ng laman na nagtatangkaang akayin tayo kontra sa kalooban ng Diyos. Kaya kailangan ng mga mananampalataya upang pag-aralang limiin ang pag-akay ng Espiritu bukod sa iba pang mga pag-akay. Iyan ay isang prosesong patungo sa landas ng pag-unlad. Nguni't ang batayang katotohanan ay ito: Lagi tayong aakayin ng Espiritu na naaayon sa Salita ng Diyos, at lagi Niya tayong aakayin upang gawin ang nararapat at kagiliw-giliw sa Diyos, kung ano ang magbibigay sa Kanya ng papuri (tingnan ang Jn. 16:14).

Ang Tinig ng Espiritu Santo (The Voice of the Holy Spirit)

Bagama't sinasabi ng Biblia na kung minsan ay aakayin tayo ng Espiritu Santo sa kagilagilalas na paraan, tulad ng mga pangitain, paghahayag ng mensaheng mula sa Diyos, o ang naririnig na tinig ng Diyos, ang higit na karaniwang paraan ng pakikipag-ugnayan ng Espiritu Santo sa ating mga espiritu ay sa pamamagitan ng mga “impresyon.” Ibig sabihin, kung nais ng Espiritung gumawa tayo ng isang bagay, “kukulitin” Niya tayo—sa ating espiritu—at mararamdaman natin ang pag-akay upang sumunod sa isang tanging direksiyon.

Matatawag natin ang tinig ng ating espiritu na “konsensya.” Alam ng lahat ng Cristiano kung ano ang tunog ng kanilang konsensya. Kung natutukso tayong magkasala, hindi natin maririnig ang malakas na boses sa ating kalooban at nagsasabing, “Huwag kang susuko sa tuksong iyan.” Bagkus, mararamdaman ang natin ang isang bagay sa ating katauhan na *nilalabanan* ang tukso. Ay kung talagang susuko tayo sa tukso, pagkatapos magkasala, hindi natin maririnig ang malakas na boses na nagsasabing, “Nagkasala ka! Nagkasala ka!” simpleng nararamdaman natin ang pag-uusig sa ating kalooban, inaakay na tayo upang magsisi at ikumpisal ang ating kasalanan.

Gayundin tuturuan tayo ng Espiritu at aakayin tayo sa pangkalahatang katotohanan at pagkakaintindi. Tuturuan Niya tayo sa pamamagitan ng pagbibigay ng dagliang pahayag (laging naaayon sa Biblia) sa ating kalooban. Ang mga pahayag na iyon ay maaaring gumugol ng sampung sandali upang ikuwento sa iba, nguni't maaaring dalhin sila sa atin ng Espiritu Santo sa loob lamang ng ilang Segundo.

Ganyan din ang pag-akay ng Espiritu Santo sa mga gawain sa ministeryo. Kailangan

lang nating gumawa ng mulat na pagsisikap upang maging sensitibo sa mga panloob na pag-akay at impresyon, at dahan-dahan tayong matututong (sa pamamagitan ng pagsubok at pagkakamali) sumunod sa Espiritu tungkol sa mga bagay ukol sa ministryo. Kapag pinayagan natin ang ating mga isip (ang rasyunal o hindi rasyunal na pag-iisip) na pumigil sa ating mga puso (kung saan tayo inaakay ng Espiritu), malalaman nating nagkakamali tayo ukol sa kalooban ng Diyos.

Kung Paano Inakay ng Espiritu si Jesus (How the Spirit Led Jesus)

Si Jesus ay inakay ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng panloob na mga impresyon. Halimbawa, inilalarawan ng ebanghelyo ni Marcos ang talagang nangyari pagkabautismo ni Jesus Espiritu Santo sunod sa bautismo sa Kanya ni Juan:

Pagkatapos, sa *kapangyarihan* ng espiritu, si Jesus ay pumunta sa ilang (Mc. 1:12, idinagdag ang pagdidiin).

Hindi narinig ni Jesus ang malakas na boses o pangitain na nag-akay sa Kanya sa ilang—simpleng *isinulong* Siya upang pumunta. Ganyan ang karaniwang pag-akay ng Espiritu Santo sa atin. Mararamdaman natin ang paghila, ang pag-akay, ang pananalig, sa ating kalooban upang gumawa ng tanging bagay.

Nang sinabi ni Jesus sa paralisadong lalaking ibinaba sa bubong na napatawad na ang kanyang mga kasalanan, alam ni Jesus na ipinagpapalagay ng mga tagapagturo ng kautusan na naroon na Siya ay naglalapastangan. Paano Niya nalaman ang kanilang iniisip? Mababasa natin sa ebanghelyo ni Marcos:

Alam ni Jesus ang kanilang iniisip kaya't sinabi Niya agad, “Bakit kayo nag-iisip nang ganyan?” (Mc. 2:8, idinagdag ang pagdidiin).

Naramdaman ni Jesus sa Kanyang espiritu kung ano ang kanilang iniisip. Kung sensitibo tayo sa ating mga espiritu, malalaman din natin kung paano sagutin ang mga lumalaban sa gawain ng Diyos.

Ang Pag-akay ng Espiritu sa Ministeryo ni Pablo (The Spirit's Leading in the Ministry of Paul)

Pagkatapos ng humigit-kumulang na dalawampung taong paninilbihan sa ministeryo, ganap nang natutuhan ni apostol Pablo kung paano sundin ang pag-akay ng Banal na Espirity. To some degree, ipinakita ng Espiritu sa kanya ang “mga mangyayari” kaalinsabay ng susunod niyang ministeryo. Halimbawa, habang tinatapos ni Pablo ang kanyang ministeryo sa Efeso, may kaunti siyang palagay sa landas na susundin ng kanyang buhay at ministeryo sa susunod na tatlong taon:

Pagkatapos ng mga pangyayaring ito, sa patnubay ng Espiritu, nagpasya si Pablo na maglakbay sa Macedonia at Acaya papuntang Jerusalem. “Kailangan ko ring pumunta sa Roma pagkagaling sa Jerusalem,” sabi niya (Gw.19:21).

Pansinin na hindi binalak ni Pablo ang intensyong tatahaking direksiyon sa kanyang *isip* kundi sa kanyang *espiritu*. Ipinapakita niyan na inaakay siya ng Espiritu Santo sa kanyang espiritu upang pumunta muna sa Macedonia at Acaya (kapwa nasa Grecia sa modernong panahon), at saka sa Jerusalem, at panghuli, sa Roma. At iyan ang tunay na landas na sinunod niya. Kung may mapa ka sa iyong Biblia na nagpapakita ng ikatlong misyunerong paglalakbay ni Pablo at ang paglalakbay niya sa Roma, masusundan mo ang kanyang landas mula sa Efeso (kung saan niya binalak ang kanyang ruta sa kanyang espiritu) sa pamamagitan ng Macedonia at Acaya, patungong Jerusalem, at makaraan ang maraming taon, sa Roma.

Higit na eksakto, naglakbay si Pablo sa Mileto, sa pamamagitan ng Macedonia at Acaya, pagkatapos bumalik uli siya sa Macedonia, inikot ang Dagat ng Aegean, at saka naglakbay pababa sa baybayin ng Aegean ng Asya Menor. Sa paglalakbay na iyon huminto siya sa lunsod ng Mileto, tinawag ang mga pinuno ng iglesia ng kalapit na Efeso, at nagsalita ng pahayag na pamamaalam sa kanila na sinabing:

Ngayon, bilang pagsunod sa Espiritu Santo, ako'y pupunta sa Jerusalem at hindi ko alam kung ano ang mangyayari sa akin doon. Ang tanging nalalaman ko ay ito: sa bawa't bayang dinaanan ko, ipinapahayag sa akin ng Espiritu Santo na ang naghihintay sa akin ay pagkabilanggo at kapighatian (Gw. 20:22-23, idinagdag ang pagdidiin).

Sinabi ni Pablo na “nagapos siya sa espiritu,” ibig sabihin nagkaroon siya ng pananalig sa kanyang espiritu na umaakay sa kanya sa Jerusalem. Wala siyang ganap na larawan kung ano ang mangyayari pagdating niya sa Jerusalem, nguni't inihayag niya na bawa't lunsod na hinintuan niya sa kanyang paglalakbay, ipinahayag ng Espiritu Santo na pagkabilanggo at kapighatian ang naghihintay sa kanya doon. Paano “ipinahayag ng Espiritu Santo” ang naghihintay na pagkabilanggo at kapighatian sa Jerusalem?

Dalawang Halimbawa (Two Examples)

Sa ikadalawampu't isang kabanata ng Mga Gawa, makikita natin ang dalawang nakatalang insidente na sasagot sa tanong na iyan. Ang unang halimbawa ay nang dumating si Pablo sa Mediteraneong daungang lunsod ng Tiro:

Hinanap namin ang mga alagad na naroon at nakituloy kami sa loob ng pitong araw. Sa patnubay ng Espiritu, sinabi nila kay Pablo na huwag pumunta sa Jerusalem (Gw. 21:4).

Dahil sa isaang bersong ito, ipinagpapalagay ng ilang komentarista na sinuway ni Pablo ang Diyos sa pagtuloy sa Jerusalem. Nguni't sa patnubay ng nakapaligid na impormasyong ibinigay sa atin sa libro ng Mga Gawa, hindi tamang gawin natin ang konklusyong iyan. Magiging malinaw ito sa pagpapatuloy ng kuwento.

Malinaw na ang mga alagad sa Tiro ay espiritwal na sensitibo at naisip ang kaguluhang naghihintay kay Pablo sa Jerusalem. Sumunod ay sinubukan nilang kumbinsihin siyang huwag tumuloy. Ang salin ni William sa Bagong Tipan ang nagpapatunay dito, dahil isinasalin niya ang parehong berso na ganito: “Dahil sa mga impresyong ibinigay ng

Espiritu, tuluy-tuloy nilang pinayuhan si Pablo na huwag pumunta sa Jerusalem.”

Nguni't hindi nagtagumpay ang mga alagad sa Tiro, dahil tumuloy din si Pablo sa paglalakbay sa Jerusalem sa kabila ng kanilang babala.

Itinuturo nito sa atin na kailangan nating maging lubhang maingat na hindi idagdag ang sarili nating interpretasyon sa mga pahayag na natatanggap natin sa ating mga espiritu. Lubhang nalalaman ni Pablo na kaguluhan ang naghihintay sa kanya sa Jerusalem, nguni't alam din niya na kalooban ng Diyos na maglakbay siya doon kahit ganoon ang mangyayari. Kung may ibubunyang ang Diyos sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo, hindi iyan nangangahulugang ipagsabi natin, at kailangan din nating maging maingat na hindi idagdag ang sarili nating interpretasyon sa ibinunyang ng Espiritu.

Pagtigil sa Cesaria (Caesarea Stop Over)

Ang susunod na hintuan sa paglalakbay ni Pablo sa Jerusalem ay ang daungan sa Caesaria:

Makalipas ang ilang araw, dumating mula sa Judea ang isang propetang ang pangala'y Agabo. Pinuntahan niya kami, kinuha ang pamigkis ni Pablo at ginapos ang sariling paa at kamay. Sabi niya, “Ito ang sabi ng Espiritu Santo, ‘Ganito gagapusin ng mga Judio sa Jerusalem ang may-ari ng pamigkis na ito, at siya'y ibibigay sa kamay ng mga Hentil’” (Gw. 21:10-11).

Narito ang isa pang halimbawa ng paghahayag ng Espiritu Santo kay Pablo na “mga pagkabilanggo at kapighatian” ang naghihintay sa kanya sa Jerusalem. Nguni't pansinin na hindi sinabi ni Agabo na “Kung gayon, sinabi ng Panginoon, ‘Huwag kang pumunta sa Jerusalem!’” Hindi, inaakay ng Diyos si Pablo sa Jerusalem at simpleng inihahanda Niya ito sa pamamagitan ng mensahe mula sa Diyos ni Agabo tungkol sa mga kaguluhang daratnan niya doon. Pansinin rin na pinatotohanan laman ng mensahe ni Agabo ang ilang buwan nang alam ni Pablo sa kanyang espiritu. Kailanman ay hindi tayo dapat paakay sa propesiya. Kung hindi pinapatotohanan ng propesiya ang alam na natin, huwag natin itong susundin.

Ang propesiya ni Agabo ay ang maituturing nating “kagila-gilalas na pamamatnubay,”

dahil inigpawan nito ang panloob lamang na impresyon sa espiritu ni Pablo. Kapag nagkakaloob ang Diyos ng “kagila-gilalas na pamamatnubay,” tulad ng pangitain o pagdinig sa malakas na boses, ito’y karaniwang dahil alam ng Diyos na ang ating tatahakin ay hindi magiging madali. Kakailanganin natin ang karagdagang katiyakang idudulot ng kagila-gilalas na pamamatnubay. Sa kaso ni Pablo, muntik-muntikan na siyang mapatay ng makapal na tao at manatili sa bilangguan nang maraming taon bago siya maglakbay sa Roma bilang isang bilanggo. Nguni’t dahil sa natanggap niyang kagila-gilalas na pamamatnubay, mapapanatili niya ang ganap na kapayapaan sa gitna ng lahat ng iyon, dahil alam niyang kaaya-aya ang kalalabasan.

Kung hindi ka makakatanggap ng kagila-gilalas na pamamatnubay, hindi ka dapat mabahala dahil kung kailangan mo ito, titiyakin ng Diyos na makukuha mo. Nguni’t dapat tayong laging magsikap na maging sensitibo sa panloob na testigo at paaakay tayo dito.

Sa Pagkakagapos at sa Kalooban ng Diyos (In Chains and in God’s Will)

Nang dumating si Pablo sa Jerusalem, sinunggaban siya at ikinulong. Muli nakatanggap siya ng kagila-gilalas na pamamatnubay sa hugis ng isang pangitain ni Jesus:

Kinagabihan, nagpakita ang Panginoon kay Pablo at sinabi sa kanya, “Lakasan mo ang iyong loob! Nagpatotoo ka tungkol sa Akin dito sa Jerusalem; ganyan din ang gagawin mo sa Roma” (Gw. 23:11).

Pansinin na hindi sinabi ni Jesus, “Ngayon Pablo, ano ang ginagawa mo rito? Binalaan kitang huwag pumunta sa Jerusalem!” Hindi, sa katunayan ay pinatotohanan ni Jesus ang pag-akay na naramdaman ni Pablo sa kanyang espiritu ilang buwan na ang nakaraan. Nasa gitna ng layunin ng Diyos sa Jerusalem si Pablo upang tumestigo para kay Jesus. Sa kalaunan ay ipapahayag rin ni Pablo si Cristo sa Roma.

Kailangan nating isaisip na bahagi ng orihinal na tawag ni Pablo ay ang tumestigo hindi lamang sa harap ng mga Judio at Hentil kundi pati rin sa harap ng mga hari (tingnan ang Gw. 9:15). Sa gitna ng pagkakabilanggo ni Pablo sa Jerusalem at nang sumunod ay sa Cesarea, nabigyan siya ng pagkakataon upang tumestigo sa harap ni Gobernador Felix,

Porcius Festus, at Haring King Agripa, na “muntik nang nahimok” (Acts 26:28) na maniwala kay Jesus. Sa katapusan ay ipinadala si Pablo sa Roma upang tumestigo sa harap mismo ng Romanong Emperador na si Nero.

Sa Daan Papunta kay Nero (On the Way to See Nero)

Habang nakasakay sa barko patungong Italia, muli ay nakatanggap si Pablo ng pamamatnubay ng Diyos sa pagiging sensitibo sa kanyang espiritu. Habang pinag-iisipan ng kapitan ng barko at piloto kung saan sila mananatili sa taglamig sa isla ng Creta, nakatanggap si Pablo ng isang pahayag:

Mahabang panahon na kaming naglalakbay. Mapanganib na ang magpatuloy dahil nakaraan na ang Araw ng Pag-aayuno, kaya't pinagpayuhan sila ni Pablo. Sabi niya, “Mga ginoo, sa tingin ko’y mapanganib na ang maglakbay mula ngayon, at maaaring mapinsala ang mga kargamento at ang barko, at nanganganib pati ang buhay natin” (Gw. 27:9-10, idinagdag ang pagdidiin).

Naramdaman ni Pablo ang malapit nang mangyari. Malinaw na ang kanyang persepsyon ay sa pamamagitan ng impresyong ibinigay ng Espiritu.

Sa malas, hindi nakinig ang kapitan kay Pablo at tinangkang abutin ang kanlungan. Nagbunga ito ng pagkaipit ng barko sa malupit na bagyo sa loob ng dalawang linggo. Sa hirap ng sitwasyon, sa ikalawang araw ay pinagtatapon ng mga tripulante ang kargamento, at sa ikatlong araw itinapon na pati ang mga kagamitan sa dagat. Makalipas ang ilang sandali, nakatanggap si Pablo ng karagdagang pamamatnubay:

Matagal naming di nakita ang araw at mga bituin, at hindi rin humuhupa ang napakalakas na bagyo, kaya't nawalan na kami ng pag-asang makakaligtas pa. Dahil matagal nang hindi kumakain ang mga nasa barko, tumayo si Pablo at nagsalita, “Mga kasama, kung nakinig lamang kayo sa akin at di tayo umalis sa Creto, hindi sana natin inabot ang ganio. Ito ngayon ang payo ko, lakasan ninyo ang inyong loob sapagka't walang mamamatay isa man sa inyo! Kaya nga lamang, mawawasak ang barko.

Nagpakita sa akin kagabi ang isang anghel ng Diyos, ang Diyos na sinasamba ko at pinaglilingkuran. Sinabi niya sa akin, ‘huwag kang matakot, Pablo! Dapat kang humarap sa Emperador. Alang-alang sa iyo’y ililigtas ng Diyos ang lahat ng mga kasama mong naglalakbay.’ Kaya tibayan ninyo ang inyong loob, mga kasama! Nananalig ako sa Diyos na mangyayari ang lahat ayon sa sinabi niya sa akin. Kaya lamang, mapapadpad tayo sa isang pulo” (Gw. 27:20-26).

Palagay ko’y malinaw kung bakit binigyan ng Diyos si Pablo ng higit na “kagila-gilalas na pamamatnubay” sa gitna ng kanyang kasalukuyang alanganing kalagayan. Sa kabila ng pahirap na iyon, haharapin ni Pablo ang suliranin ng pagkawasak ng barko. Pagkatapos niyon, matutuklaw siya ng makamandag na ahas (tingnan ang Gw. 27:41-28:5). Mainam ang masabihan ka ng anghel bago ang mga pangyayari na magiging OK ang lahat!

Ilang Payong Praktikal (Some Practical Advice)

Umpisahang tumingin sa iyong espiritu sa mga persepsyon at impresyong pag-aakay ng Espiritu Santo. Sa umpisa ay tiyak na magkakamali ka na inaakay ka ng Espiritu Santo nguni’t hindi, bagama’t karaniwan iyan. Huwag masiraan ng loob; ipagpatuloy mo lang.

Makakatulong din na gumugol ng panahon sa isang tahimik na lugar, nananalangin sa iba’t ibang wika, at pagbasa ng Biblia. Kapag nananalangin tayo sa iba’t ibang wika, ang nananalangin ay ang ating espiritu, at siyempre, magiging sensitibo tayo sa ating espiritu kung magkagayon. Sa pamamagitan ng pagbabasa at pagmumuni sa Salita ng Diyos, magiging higit rin tayong sensitibo sa ating espiritu dahil ang Salita ng Diyos ay pagkaing spiritwal.

Kapag inaakay ka ng Diyos sa isang tanging direksiyon, hindi mababawasan ang Kanyang pag-akay. Ibig sabihin niyan, dapat kang magpatuloy sa pananalangin tungkol sa mahahalagang pasya nang may katagalan upang matiyak na ang Diyos ang Siyang nag-aakay sa iyo at hindi ang sarili mong mga idea at emosyon. Kung wala kang kapayapaan sa iyong puso kapag nananalangin ka tungkol sa isang tanging direksiyon, huwag mong itutuloy iyan hangga’t hindi ka nagkakaroon ng kapayapaan. Kung inaakala mong nakatanggap ka ng kagila-gilalas na pamamatnubay, mahusay iyan, nguni’t huwag mong

tangkaing “paniwalaan” na nakakita ka ng pangitain o nakarinig ng malakas na boses. Hindi ipinangako ng Diyos na akayin tayo sa ganoong paraan (bagama’t ginagawa Niya iyan minsan ayon sa Kanyang makapangyarihang kalooban). Subali’t maaari tayong laging magtiwala na aakayin Niya tayo sa pamamagitan ng panloob na saksi.

Bilang pagtatapos, huwag dagdagan ang sinabi ng Diyos sa iyo. Maaaring ibunyag ng Diyos ang isang ministryong inihanda Niya sa iyo sa hinaharap, nguni’t maaari mong ipalagay na ang katuparan ay darating nang ilang linggo pero sa totoo ay ilang taon. Huwag magpalagay. Bahagyang nalaman ni Pablo ang kanyang hinaharap nguni’t hindi niya alam ang lahat, dahil hindi ibinunyag lahat ng Diyos. Nais ng Diyos na lagi tayong lumakad sa pananampalataya.